

Aralin 17

# "Huwag Mabalisa sa Araw-Araw na Kailangan" *Mateo 6:25-34*

**Layunin:** *Pagkatapos ng araling ito…*

- *Makikita ninyo ang dahilan kung bakit ang kabalisahan ay isang kasalanan at ano ang pinaka-ugat nito sa puso ng isang tao.*
- *Magkakaroon kayo ng panibagong lakas laban sa kabalisahan sa pamamagitan ng pagbubulay sa ilang mga pangako ng Diyos.*
- *Magkakaroon kayo ng personal na paghingi ng tawad sa Diyos sa inyong pagkabalisang nagpapakita ng kakulangan ng tiwala sa Diyos; idudulog din ninyo sa Diyos ang inyong puso na palakasin sa pananampalataya.*

## Panimula

1. Anu-anong bagay ang karaniwang nagdudulot sa iyo ng kabalisahan? Bakit?

***Tulay sa Pag-aaral:*** Problema ng lahat ng tao, kahit mga Cristiano na, ang kabalisahan. May mga problema, alalahanin, at pangangailangan tayo sa araw-araw na nagdudulot ng kabalisahan sa atin. Alam ito ng Panginoong Jesu-Cristo kaya nga nagbigay siya ng ilang mga pangako sa Mateo 6:25-34 upang matulungan tayong harapin ito bilang mga tagasunod niya. [Basahin ang Mateo 6:25-34.]

## Pagsasaliksik

2. Ilang beses inulit ni Jesus ang utos niyang, "Huwag kayong mabalisa…"? Sa tingin mo ba ay kasalanan ang kabalisahan? Patunayan.

3. Bakit dapat nating seryosohin ang laban sa kasalanan? Ano ba ang pinaka-ugat nito at nababalisa tayo? Tingnan ang verse 30.

4. *Malinaw sa buong talata, lalo na sa verse 30 na nababalisa tayo dahil maliit ang ating pananampalataya o dahil kulang ang tiwala natin sa Diyos. Kaya nga malalabanan natin ang kabalisahan kung panghahawakan natin ang mga pangako ng Diyos.*

5. Ayon sa verse 25, anong pangako ang dapat nating panghawakan?

6. Ayon sa verse 26, anong pangako ang dapat nating panghawakan?

7. Ayon sa verse 27, anong pangako ang dapat nating panghawakan?

8. Ayon sa verses 28-30, anong pangako ang dapat nating panghawakan?

9. Ayon sa verses 31-32, anong pangako ang dapat nating panghawakan?

10. Ayon sa verse 33, anong pangako ang dapat nating panghawakan?

11. Ayon sa verse 34, anong pangako ang dapat nating panghawakan?

12. Alin sa mga pangakong ito ang nagkaroon ng malaking epekto sa iyong dinaranas ngayon na nagbibigay sa iyo ng kabalisahan? Ipaliwanag.

## Pagsasabuhay

13. Ayon sa pag-aaral, ano ang iisipin mo o aalalahanin bilang isa sa mga anak ng Diyos (na siyang ating Ama na nasa langit) tuwing dumarating ang kabalisahan sa iyo? [Maaaring pagbulayan ang Panaghoy 3:22-23.]

14. Sama-samang humingi ng tawad sa Diyos dahil sa kabalisahang nagpapakita ng kakulangan ng tiwala sa Diyos. Sama-sama ring idulog sa Diyos ang mga kabalisahan ngayon, ayon din sa Filipos 4:6 at 1 Pedro 5:7.

**Assignment**

- Isaulo ang Panaghoy (*Lamentations*) 3:22-23.